# TUHOGTUHOG NA BULAKLAK

## Kilos at Panahon...!!

(*Alay sa kabinataan nang aking Lahi.*)

Mg̃a kabinatà: háyo't mang̃agbang̃on
sa pagkakahigâ't mg̃a pagkágumon
sa datihang gawî:
talastasín ninyóng ibá sa kahapon
ang ugalì ng̃ayó't, lákad ng̃ panahon.
Pahirin ang mata't nang hindi magdilím
sa lahát ng̃ bagay ang inyóng paning̃ín;
tayo'y lumákad na,
huwag nang magulík, at sabayán natin
ang gintông panahón na nagtutumulin.
Tayo'y inaakay ng̃ ating kasama
na nagpapasasà sa dugô ng̃ Iná,
sa landás na matwid,
kayâ lákad tayo't piliting mákita
yaong "kabihasnáng" tang̃ing panandata.
Mayayamang isip ay huwag itigil
sa di karampatan, at alalahanin
ang dagtâ ng̃ "sísing"
mapaít na lason sa ating panimdím
na kung magpabaya'y pilit lalagukin.

Sandaling panahong ating ilinákad
marami nang bagay tayong napagmalás;
sa kapwâ na lamang
at dî na sa damit, salitâ, pag gayák
ó iba't iba pa na madadalumat.
Si Rizal ay isa na dapat tularan
ng̃ tanang kadugô niya't kababayan,
Mabini'y gayon din,
Caldero't iba pang dî na nabubúhay,
na pawang umibig sa lupang linakhán.
Magugulang nati'y pagbukudbukuri't
sa sarili ninyo'y mabuting kilanlín,
pagka't kung ang iba'y
may budhing malinis, iba nama'y Kaíng
papatay sa Ináng minamahal natin.
Lahat ng̃ mabuti'y kunang halimbawà
gunitaing lagì't pilit isagawâ.
Lahát ng̃ masamâ'y
pakaiilaga't gamitan ng̃ sumpâng:
"Mamatay na ako bago ko magawâ."

R. A. SANTOS.

Tagiig, Rizal, 1909.

## ¿Sino si Lualhati?

(KAY MIL-JAV.)

I

Si Lualhati'y isáng bulaklák ng̃ Taytay
na ang pamumúkad ay bago pa lamang,
kakikita niyáng mg̃a nauuhaw
sa katás at bang̃óng
mg̃a paró-paró;
at isáng bulaklák na nápakayaman
sa tamís ng̃ ng̃itîng mistulang pangpukaw
sa mg̃a bubúyog na aagam-agam.

II

Isáng bagong talà sa bugháw na lang̃it
na páralumanin ng̃ mg̃a ninibig,
at mabisàng gamót sa alin mang hapis
at pagdaralitâng
laging linilikhâ
sa pusò ng̃ mg̃a pagsuyòng malinis.
Bagong talà iyáng ang itapong titig
ay isáng "*halika*" mandín ang kalakip.

III

Isáng bagong anák ni magandáng Benus
na ng̃ayón pa lamang nakapagsasabog
ng̃ isáng paglin̄gap sa tapát umirog.
Isáng bagong dilág
na sa pagkawagás
ay dî maaaring hindî ka lumuhog;
dilág na panggising sa nang̃atutulog
na mg̃a damdaming pihika't maramot.

IV

Isáng bagong kawal ng̃ kadalagahang
siyáng mapipiling maging paraluman
ng̃ mg̃a adhikâng lalong maseselan.
Siyáng mámimithîng
panglunas pighatî
ng̃ mg̃a pagsuyòng sa pananambita'y
saíd ná saíd ná. Siyáng karilagang
magbibigáy siglá sa budhîng matumal.

V

Isáng bagong diwà't isáng bagong pusòng
maihahandóg ná sa isáng pagsuyòng
laging lumuluhà, laging sumasamò't
mailulunas ná
sa isáng pagsintáng
wagás at taimtim sa pamimintuhò....
At pusòng murà ma'y marunong umalò,
bihasáng maglambing at umamò-amò.

VI

Gandá, bang̃ó, ningníng na dî napapawì't
samyông halimuyak ang alay na lagì.
Dikít na ang ibá ay nananaghilì't
iginagalang dín
ng̃ kapuwâ ningníng.
Bituing ang sikat ay kalimìlimì't
mistulâng pangbúhay sa nalulugamìng
ulilang makatà.....: Iyán si Luálhatì!

PIPIT-PUSO.

Bulakán, 1909.

## "Tuhog nang bulaklak"

(*Handog sa KALIPUNAN sa RIZAL.*)

"Tuhog nang bulaklak" ang nakakabagay,
Tagumpáy na ganáp kung aking mamasdan.
Ang kilos at lakad ay nalalarawang
Sila'y pawang anák ng̃ Kabayanihan
Nang bayang may puri, may dunong at dang̃ál,
Marunong mang̃usap, at di tatalikdán
Ang kanilang sumpâ kahit ikamatáy.
Sila ang palaging humahawì noong
Landás na matiník sa ikasusulong